# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST503 The Last Events

- **ST503D The Last Judgments**

Sinasabi sa Revelation 20:11-15 na nakita ni John ang isang magarang puting trono at ang nakaupo doon. Humarap sa Kanya ang lahat ng mga patay. Dalawang libro ang binuksan – ang aklat ng mga gawa at ang aklat ng buhay. Ang bawat isa sa mga patay ay haharap sa nakaupo sa trono at ang lahat ay huhusgahan ayon sa nakalathala sa aklat ng mga gawa. Ang lahat ay huhusgahan ayon sa kanilang ginawa habang sila ay nabubuhay pa. Ang hindi nakalista sa aklat ng buhay ay itinapon sa lake of fire kasama si Kamatayan at si Hades.

Ang sinumang magbabasa ng passage na ito na hindi pa nakapag-aaral ng Systematic Theology ay tiyak na maguguluhan. Ang tanong na magsusumamo ng sagot ay, *Kung alam na kung sino ang mga pupunta sa langit o impiyerno, para ano pa ang gagawing paghusga?*

Itong great white throne judgment ay para sa mga hindi nagtiwala sa salita ng Diyos nang sila ay nabubuhay pa; ang mga non-believers. Bagamat ang inaakala ng tao na mabubuting gawa, kung hindi ang mga ito ay bunga ng pagtitiwala sa salita ng Diyos, ang lahat ng mga ito ay pawang maruruming basahan sa harapan ng banal na Diyos (Isaiah 64:6). Hindi mangyayari na ang definition ng mabuti at tama ay manggaling sa tao. Ang Diyos lamang ang may karapatang maghusga kung ano ang mabuti o masama, tama o mali, katotohanan o kasinungalingan. Sa pagkakataong ito mauunawaan ng mga tumalikod sa Diyos ang kabigatan ng ginawa nilang pagwawalang tiwala sa katotohanan ng salita ng Diyos.

Mayroon pang isang uri ng paghusga. Ito naman ay ang para sa mga believers.

Sinasabi sa 2 Corinthians 5:10 na lahat ay haharap sa judgment seat of Christ upang ang bawat isa ay makatanggap ng katumbas ayon sa ginawa niya nang siya ay nabubuhay pa, mabuti man o masama. Ang tinutukoy dito ay ang mga mananampalataya; mga believers. Sila ay huhusgahan, hindi upang alamin kung sa langit o sa lake of fire ba ang punta nila, kundi ano ang gantimpala na nararapat para sa kanila.

May tatlong mahahalagang katuruan ang Panginoong Jesus na may kinalalaman sa eternal state ng mga mananampalataya:

Una, ang katapatan natin sa pamamahala ng ating stewardship na magbubunga ng parangal na ito ng Lord - *'Well done, good and faithful servant; you were faithful over a few things, I will make you ruler over many things. Enter into the joy of your Lord'* (Matthew 25:14-30).

Ikalawa, ang kabutihan at kabaitan na ipinalasap natin sa Kanya nang Siya ay nagugutom, nauuhaw, walang matuluyan, gusgusin, may sakit at nasa piitan (Matthew 25:35-40).

Ikatlo, ang kasipagan natin sa pag-ipon ng kayamanang pang-langit (Matthew 6:19-21).

Para sa mga manggagawa ng Panginoon na na-involved sa pagpapalago ng katawan ni Cristo o pagsusulong ng Kanyang kaharian, mayroong babala si Apostol Pablo na naka-record sa 1 Corinthians 3:10-15, na may *iisa lamang na pundasyon ang gawain ng Cristiano at iyon ay walang iba kundi ang Panginoong Jesu Cristo. Kaya mag-ingat ang mga magtatayo sa itaas ng pundasyon na ito, kung ginto man, o pilak, mamahaling bato, kahoy, dayami o damo, lahat ay dadaan sa apoy upang mailadlad kung anong klaseng trabaho ba ang isinagawa. Kung ang gawain ay hindi nasunog, ito ay tatanggap ng gantimpala. Subalit kung ito ay masusunog, ito ay kawalaan.* Ligtas pa rin ang manggagawa subalit para siyang dumaan sa apoy.

Tinuturo sa dalawang eksena ng judgment na ito na ang clase ng ating pamumuhay dito sa mundo ay may eternal implications.

## I. Multiple Choice

1. Ang great white throne judgment ay para sa
   a. Lahat ng mga tao na nabuhay dito sa mundo
   b. Lahat ng tao na di nagtiwala sa salita ng Diyos nang sila ay nabubuhay pa
   c. Lahat ng tao na gumawa ng mabuti noong sila ay nabubuhay pa

2. Ang mga mabubuting gawa ay pawang maruming basahan sa harap ng Diyos kung ito'y ginawa ng walang pagtitiwalasa salita ng Diyos.
   a. True
   b. False

3. Ang judgment seat of Christ ay para sa
   a. Mga believers
   b. Mga nakarinig ng mabuting balita subalit hindi nagtiwala kay Cristo
   c. Lahat ng mga tao

4. Huhusgahan ang mga mananampalataya upang
   a. Alamin kung sa langit o lake of fire sila mapupunta
   b. Alamin kung anong gantimpala ang nararapat sa kanila
   c. Alamin kung anong claseng mabuting gawa ang kanilang ginawa

5. Ang pagiging mabuting katiwala, ang pag-iimpok ng kayamanan sa langit at kabutihan sa mga nagugutom, nauuhaw, gusgusin, etc., ay may kinalaman sa ating eternal state.
   a. True
   b. False

© Conrad Jun Tolosa July 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.